# M E S S A G E

*Ang Kapaskuhan ay panahon hindi lamang ng pagdiriwang sa maluwalhating pagsilang ni Hesus kundi gayundin ng pagbibigay-buhay sa mensaheng hatid ng dakilang araw na ito: kapayapaan at kagandahang loob sa sangkatauhan*.

Join me in this season of grace to pray that the Good Lord will continue to give us His guidance and blessings so that we can finally build a nation where everyone can shape his destiny in an atmosphere of justice and liberty.

*Ang pagdiriwang natin ng pagsilang ni Hesus ay dapat maging kasing-kahulugan din ng pagsibol ng ating pag-asa tungo sa kapatiran at pagkakaisa. Nalalapit na tayo sa hinahangad nating kapayapaan, nagbabalik-sigla na rin ang ating kabuhayan, at patuloy na lumalakas ang ating demokrasya. Dapat na lalo tayong magsumikap na marating ang ating patutunguhan -- isang maunlad na bansang Pilipinas pagdating ng Siglo Dalawang Libo.*

Christmas is not just a season of rejoicing over the birth of our Savior but also a time to spread the good news this wondrous day brings: peace and goodwill to all men.

Our celebration of the coming of Christ should also mean for all of us a renewed life of unity and brotherhood: oneness in the pursuit of our goal to create a brighter future where every Filipino leads his life with pride, dignity and sufficiency.

This Christmas marks a critical turning point for us in the Philippines. The prospects for enduring peace and economic take-off have never been better, but we must be unrelenting in our efforts until we can say we are truly a unified and progressive nation.

*Sa Paskong ito, alalahanin natin ang kapakanan ng sambayanang Pilipino, kasama ang ating mga kababayang naghahanap-buhay sa ibang bansa. Tulad ng ating kaugaliang magtipon-tipon ang pamilya sa araw na ito, darating din ang panahon, sa pamamagitan ng ating patuloy na pagsisikap at pagtutulungan, na tayong lahat ay malayang makapag-sasama-sama tuwina -- Pasko man o hindi -- nang mapayapa, masagana at maligaya.*

*Sumainyo nawa ang isang Maligayang Pasko at harapin natin ang Bagong Taon ng may panibagong pag-asa at sigla!*

**December 25, 1993**